# The Road Out

## Ang Diyos laban sa Faraon

WEEK 4

### WARM-UP

- Sino na pinakamakapangyarihan at maimpluwensyang taong kilala mo? Bakit siya naging maimpluwensya?
- Ano ang madalas mong ginagawa tuwing hindi nangyayari ang plano mo?
- Nawalay ka na ba sa isang taong espesyal sa iyo o may nawala ka na bang bagay na mahalaga sa iyo? Ano ang nangyari? Ano ang naging reaksyon mo?

### WORD

23 *"Dahil dadaan ang PANGINOON sa Egipto para patayin ang mga panganay na lalaki ng mga Egipcio. Pero kapag nakita ng PANGINOON ang dugo sa ibabaw at sa gilid ng hamba ng mga pintuan ninyo, lalampasan lang niya ang mga bahay ninyo at hindi niya papayagan ang Mamumuksa na pumasok sa mga bahay ninyo at patayin ang inyong mga panganay na lalaki.*
24 *Ang tuntuning ito'y dapat ninyong sundin at ng inyong mga salinlahi magpakailanman.*
25 *Ipagpatuloy pa rin ninyo ang seremonyang ito kapag nakapasok na kayo sa lupaing ipinangako ng PANGINOON na ibibigay sa inyo.*
26 *Kapag nagtanong ang mga anak ninyo kung ano ang ibig sabihin ng seremonyang ito,*
27 *ito ang isasagot ninyo: Pista ito ng Paglampas ng Anghel bilang pagpaparangal sa PANGINOON, dahil nilampasan lang niya ang mga bahay ng mga Israelita sa Egipto nang patayin niya ang mga Egipcio."*

**EXODUS 12:23–27**

(Aralin ang **EXODUS 11–12.**)

Gumawa ng mga himala ang Diyos at nagpakawala ng mga salot hindi lamang para parusahan ang Faraon at ang mga Egipcio. Layunin Niyang ipakita sa kanila at sa mga Israelita na Siya ang nag-iisang tunay na Diyos, makapangyarihan, makatarungan, at matapat sa Kanyang mamamayan. Ikinukwento ng mga talatang

titingnan natin ngayon ang huling salot na pinakawalan ng Diyos sa Egipto—ang pagkamatay ng mga panganay na lalaki. Pagkatapos ng maraming pagkakataon para palayain ang mga mamamayan ng Diyos, patuloy ang pagmamatigas sa puso ng Faraon laban sa Diyos at hindi siya nakinig. Ipinangako ng Diyos sa mga Israelita na palalayain Niya sila mula sa Egipto para maipamuhay nila ang Kanyang kagustuhan at mga plano para sa kanila. Ano ang ipinapakita ng kwentong ito tungkol sa Diyos at sa pakikitungo Niya sa mga tao?

## 1 Pinakita ng mga salot ang katarungan ng Diyos laban sa mga nang-aapi sa Israel.

*Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Padadalhan ko ng isa pang salot ang Faraon at ang Egipto. Pagkatapos nito, paaalisin na niya kayo. Itataboy pa niya kayo dahil gusto niyang makaalis agad kayo."* **EXODUS 11:1**

Sa loob ng maraming henerasyon, nagdusa ang mga Israelita sa pang-aapi ng Egipto. *Masyado nang marami ang mga Israelita at nanganganib tayo*, kung kaya walang awa silang inalipin, pinahirapan, at pinagtrabaho nang mabigat (Exodus 1:8–13). Humingi sila ng tulong sa Diyos at dininig ng Diyos ang kanilang mga panalangin. Pinili ng Diyos si Moises upang pamunuan ang Kanyang mga mamamayan palabas ng Egipto, pero hindi sila pinaalis ng Faraon. Habang nagmamatigas ang Faraon, nagpadala ng sampung salot ang Diyos, at ang huli ang nagbantang wakasan ang kanyang lahi. Sa kabila ng pagkilala sa kanya bilang diyos, walang nagawa ang Faraon para pigilan ang kapangyarihan at plano ng nag-iisang tunay na Diyos. Ibinaba siya ng Diyos. Ano ang sinasabi sa Isaias 61:1–2 tungkol sa pagprotekta ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan?

## 2 Ipinakita ng Paglampas ng Anghel ang pagligtas ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan.

*"Dahil dadaan ang PANGINOON sa Egipto para patayin ang mga panganay na lalaki ng mga Egipcio. Pero kapag nakita ng PANGINOON ang dugo sa ibabaw at sa gilid ng hamba ng mga pintuan ninyo, lalampasan lang niya ang mga bahay ninyo at hindi niya papayagan ang Mamumuksa na pumasok sa mga bahay ninyo at patayin ang inyong mga panganay na lalaki."*

**EXODUS 12:23**

Mapangwasak at nakasisindak ang huling salot na ipinadala ng Diyos sa Egipto. Pero dahil sa awa at hangarin ng Diyos na protektahan ang mamamayan Niya, binigyan Niya ng daan ang mga Israelita para makaligtas dito. Nagbigay Siya ng tiyak na kaparaanan kung paano isasakripisyo ang tupa sa bawat tahanan. Ang dugo ng tupa ang ipapahid nila sa hamba ng kanilang mga pintuan. Kung hindi nila gagawin ang utos ng Diyos, mamamatay din ang mga panganay nila. Sumunod ang mga Israelita, buo ang tiwala nilang tutuparin ng Diyos ang sinabi Niya. Sa kalaunan, nailigtas sila at pinayagan silang umalis ng Egipto. Balikan ang panahong pinanghawakan mo ang salita ng Diyos at sumunod ka sa sinabi Niya nang may pananampalataya. Ano ang naging bunga nito?

................................................................................

................................................................................

Inutusan ng Diyos ang mga Israelita na balikan ang mahimalang pagligtas sa kanila taun-taon. Hanggang ngayon, ipinagdiriwang pa rin ng mga Judio ang Pista ng Paglampas ng Anghel. Layunin nitong ibalik ang mga mamamayan ng Diyos sa pangako Niyang ililigtas at palalayain Niya ang sangkatauhan sa pamamagitan ng dugo ng Tupa ng Diyos—si Jesu-Cristo. Bagama't lahat tayo ay karapat-dapat na tumanggap ng kamatayan dahil sa kasalanan natin, ipinadala ng Diyos si Jesus para maging alay na tupa. Sa pamamagitan ng Kanyang dugo, makakatanggap tayo ng kapatawaran at buhay. Ngayon, tinatawag tayo ng Diyos na magtiwala kay Jesus at sa tinapos Niyang gawin, at italaga Siya bilang Panginoon ng ating buhay.

## APPLICATION

- Ibinigay mo na ba ang pananampalataya mo kay Jesus, ang Tupa ng Diyos? Dahil sa Kanya, mayroon tayong kalayaan at kaligtasan. Manalangin kasama ang isang tao na makakatulong sa iyong tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.
- Tuwing binibigyan ka ng Diyos ng utos na dapat mong sundin o pangakong dapat mong angkinin, ano ang kadalasan mong isinasagot? Dahil sa natutunan natin ngayon, paano magbabago ang sagot mo?
- Ano ang mga himalang ginawa ng Diyos sa buhay mo? Ano ang mga himalang hinihiling mong gawin ng Diyos? Ipinapakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan sa iyong buhay. Paano nito maaakay ang ibang tao patungo sa Kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay Niya ng daan para maligtas tayo sa mga imposibleng sitwasyon at maging sa ating mga kasalanan. Ipanalangin na hindi mo ito kailanman babalewalain.
- Humingi ng biyaya at lakas para dinggin at sundin ang salita ng Diyos. Ipanalangin na ang pananampalataya at pagtitiwala mo sa Kanya ay lalo pang lumago araw-araw.
- Ipanalangin sa Diyos na tulungan kang akayin ang iba patungo sa Kanya habang ikinasisiya mo ang kaligtasang mayroon ka kay Jesus. Nawa'y magamit ang mga himala Niya sa buhay mo para maakay ang iba patungo sa nag-iisang tunay na Diyos na nagmamahal at nagliligtas sa atin.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Ruth Suson-Gloria, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph